

Naghahanap ang FEMA ng Mga Kumpanya sa Pamamahala ng Ari-arian para sa Direktang Pagpapaupa

Release Date: Nov 14, 2024

Naghahanap ng impormasyon ang FEMA mula sa mga kumpanya sa pamamahala ng ari-arian na may mga ready for-occupancy residential o rental property sa mga komunidad sa Florida na apektado ng mga Hurricane Helene at Milton.

Ang mga kumpanya sa pamamahala ng ari-arian para sa pagsasaalang-alang ay dapat gumagawa ng negosyo sa at paligid ng mga komunidad na naaapektuhan ng Hurricane Helene at/o Milton, kasama ang mga county ng Citrus, Columbia, Dixie, Hamilton, Hernando, Lafayette, Levy, Madison, Okeechobee, Pasco, Pinellas, Suwannee at Taylor, pati na rin ang mga nakapaligid na komunidad. Hinihikayat ng FEMA ang lahat ng interesadong kumpanya sa pamamahala ng ari-arian na isaalang-alang ang pakikilahok.

Ang deadline para sa mga kumpanya na tumugon sa kahilingan na ito para sa impormasyon ay **Biyernes, Nobyembre 29, 2024.**

Ano ang Direct Lease program?

Ang Direct Lease ay isang anyo ng Direktang Pansamantalang Tulong sa Pabahay na nagbibigay-daan sa FEMA na direktang pumasok ng mga kontrata sa mga kumpanya sa pamamahala ng ari-arian upang umupa ng mga ari-arian na hindi karaniwang magagamit ng publiko. Ang mga ari-arian ay dapat magagamit nang hindi bababa sa 18 buwan, na may pagpipilian para sa extension ng pag-upa. Pagkatapos ay iaalok ang mga ari-arian bilang pansamantalang pabahay sa mga kwalipikadong nakaligtas sa sakuna. Kasama dito ang mga corporate apartment, holiday rental, pangalawang bahay, property na pag-aari ng bangko, condominium, townhouse at iba pang tirahan. Maaaring gamitin ng FEMA ang mga yunit na ito para sa mga kwalipikadong aplikante na hindi magagamit ang



FEMA

Page 1 of 4

Anong mga kondisyon ang kailangang matugunan ng ari-arian?

Ang ari-arian ay dapat na isang umiiral na residential property na hindi karaniwang magagamit ng publiko (ibig sabihin, mga corporate apartment, holiday rental, at pangalawang bahay), para magamit bilang pansamantalang pabahay:

- Ang mga yunit na maaaring makuha ng mga aplikante na gumagamit ng FEMA-Rental Assistance ay hindi makukuha para sa Direct Lease;
- Ang mga hotel, motel at iba pang mga pansamantalang accommodation ay hindi makukuha para sa Direct Lease;
- Dapat sumunod ang ari-arian sa Mga Pamantayan sa Kalidad ng Pabahay na itinatag ng US Department of Housing and Urban Development at lahat ng nauugnay na pamantayan at regulasyon sa gusali at okupasyon ng estado. Ang lahat ng mga utilidad, kagamitan, at iba pang mga kasangkapan ay dapat na gumagana;
- Ang bawat yunit ay dapat magbigay ng kumpletong pasilidad sa pamumuhay, kabilang ang mga probisyon para sa pagluluto, kainan at sanitasyon sa loob ng yunit.
- Dapat matatagpuan ang ari-arian sa loob ng makatwirang pag-access sa mga serbisyong pang-pamayanan at wrap-around, tulad ng naa-access na pampublikong transportasyon, paaralan, fire at emerhensiya na serbisyo, mga grocery, atbp.
- Ang lahat ng mga kumpanya sa pamamahala ng ari-arian ay dapat magparehistro upang makipagnegosyo sa FEMA sa pamamagitan ng System for Award Management (SAM) sa [SAM.gov](https://sam.gov).

Anong mga tuntunin at kundisyon ang mayroon?

- Isang disposisyon na nagbibigay sa FEMA ng eksklusibong paggamit ng mga yunit at nag-iisang magpapasya upang makilala at piliin ang mga okupante sa panahon ng kasunduan sa pag-upa.
- Isang disposisyon na nagbibigay sa FEMA ng opsyon na ialis ang yunit sa may-ari at ihinto ang lahat ng buwanang pagbabayad para sa yunit anumang oras sa pamamagitan ng pagbibigay ng 30 araw na abiso.



FEMA

- Isang probisyon na nagpapahintulot sa FEMA na gumawa, sa gastos ng FEMA, ng makatwirang pagbabago o pagpapabuti sa akomodasyon upang magbigay ng makatuwirang tirahan para sa isang karapat-dapat na aplikante na may kapansanan o iba pang mga pangangailangan sa pag-access at pagpapaandar.
- Isang probisyon na nagpapahintulot sa FEMA na panumbalkin ang ari-arian sa orihinal na kondisyon nito bago ang anumang makatuwirang pagbabago o pagpapabuti ayon sa hiniling ng may-ari ng ari-arian.
- Isang disposisyon na nagsasama ng pag-upa na naglalaman ng mga kundisyon ng pagiging karapat-dapat at pagwawakas ng pag-upa at pagpapaalis ng FEMA sa anumang pag-upa sa pagitan ng may-ari ng ari-arian at ng naninirahan.
- Isang probisyon na sumasang-ayon na tanggalin ang credit screening para sa mga karapat-dapat na aplikante.
- Isang probisyon na nagpapahintulot sa FEMA na muling itataga ang isang nabakanteng yunit kapag ang mga karapat-dapat na aplikante ay nangangailangan ng pansamantalang tulong sa pabahay, at magagamit ang isang yunit bago matapos ang panahon ng tulong.
- Dapat magbigay ng mga may-ari ng ari-arian ng lahat ng mga serbisyo sa pagpapanatili.
- Ang mga may-ari ng ari-arian ay dapat na kasalukuyan at nasa mabuting katayuan sa mga pagbabayad sa mortgage at mayroong kasalukuyang lisensya sa pagpapaupa.

Anong impormasyon ang kinakailangan?

Ang mga interesadong may-ari ng ari-arian ay dapat ibigay ng sumusunod:

- Pangalan ng complex, lokasyon, pangalan ng may-ari at numero ng telepono o impormasyon sa pakikipag-ugnayan (kung hindi may-ari ng ari-arian).
- Bilang ng mga bakanteng unit na naglalaman ng hiwalay na banyo, kusina at living space na magagamit para sa eksklusibong paggamit ng FEMA at ang bilang ng mga silid-tulugan na mayroon sa bawat unit.
- Bilang ng mga yunit na sumusunod sa Uniform Federal Accessibility Standards at/o mga tampok na nagbibigay ng pag-access sa mga indibidwal na may kapansanan.



FEMA

- Kumpirmahin na ang may-ari ng ari-aria ay kasalukuyan at napapanahon sa mga pagbabayad ng mortgage ng ari-arian.
- Kumpirmasyon na madaling magagamit ang ari-arian para sa mga aplikante upang lumipat.
- Kasaysayan ng paggamit ng gusali (mga petsa na ginamit bilang paupahan, atbp.) kung naaangkop.
- Kasama ang mga utility sa renta.
- Bilang ng mga yunit na fully furnished.
- Saklaw ng pag-upa para sa ari-arian, kabilang ang anumang nauugnay na bayarin sa asosyon.
- Mga paghihigpit sa alagang hayop, tulad ng uri, numero, o laki, at naaangkop na mga deposito ng alagang hayop; at
- Bilang ng mga parking space (kabilang ang naa-access at van-access) na magagamit para sa bawat yunit ng pabahay.

Para sa karagdagang impormasyon

- Ang mga interesadong may-ari ng ari-arian o mga kumpanya ng pamamahala ay dapat magbigay ng mga tugon at komento sa **Biyernes, Nobyembre 29, 2024** sa fema-direct-lease-dr4828fl@fema.dhs.gov. Dapat ilagay sa linya ng paksa ng email ang RFI # 70FBR425I00000005.
- Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagkakataong ito ay matatagpuan sa [SAM.gov](https://sam.gov).

Ang RFI ay hindi humihirang ng Request for Proposal (RFP), Invitation for Bid (IFB), o Request for Quotes (RFQ), at hindi ito dapat isinasaalang-alang bilang isang pangako ng gobyerno na pumasok sa isang kontrata, at hindi rin babayaran ng gobyerno para sa impormasyong isinumite bilang tugon sa kahilingan na ito. Ang tugon sa abisong ito ay gagamitin upang matukoy kung aling mga ari-arian ang nakakatugon sa pamantayan ng Direct Lease at magbibigay ng pinaka-napapanahong at epektibo na paraan ng pagbibigay ng direktang tulong sa mga karapat-dapat na nakaligtas sa sakuna. Nais ng FEMA na makakuha ng impormasyon o kakayahan sa merkado para sa mga layunin ng pagpapalano.



FEMA